

Tell Them From Me parent survey

Sabihin Mo Sa Kanila Mula Sa Akin na sarbey ng magulang Frequently Asked Questions (parents and carers) Mga Madalas Itanong (ng mga magulang at tagapag-alaga)

Sentro para sa Estadistika at Pagtatasa sa Edukasyon (CESE)

1. Ano ang sarbey sa magulang na 'Mga Katuwang sa Pagkatuto'?

Ang Mga Katuwang sa Pagkatuto (Partners in Learning) na sarbey sa magulang ay bahagi ng *Sabihin Mo Sa Kanila Mula Sa Akin (Tell Them From Me)* na grupo ng mga sarbey tungkol sa pakikilahok ng mga mag-aaral. Ang sarbey sa magulang ay tumutulong na linawin at patatagin ang mahalagang ugnayan sa pagitan ng magulang at paaralan.

Ang sarbey na ito ay dinisenyo upang sukatin, tasahin at iulat ang mga natanto (insights) mula sa pananaw ng mga magulang sa mga antas ng paaralan at sistema. Ang tutukan ng sarbey na ito ng NSW ay ang kapakanan at pakikilahok ng mga mag-aaral at mga epektibong gawi sa pagtuturo.

2. Anong uri ng mga tanong ang itatanong sa sarbey?

Ang mga tanong sa sarbey ay naglalayong maunawaan ang mga pananaw ng mga magulang tungkol sa karanasan ng kanilang anak sa paaralan, kabilang na ang pagtuturo, komunikasyon at suporta ng paaralan sa pagkatuto at pag-uugali. Ang sarbey ay naglalayon ding maunawaan ang mga pananaw ng mga magulang tungkol sa mga aktibidad at mga gawi sa tahanan na may kinalaman sa pag-aaral ng kanilang anak.

Ang sarbey ay magtatanong sa mga magulang tungkol sa:

Nakakaramdam ang mga magulang ng mainit na pagtanggap	Ang mga magulang ay pinaalaman	Ang mga magulang ay sumusuporta sa pagkatuto sa tahanan
Sinusuportahan ng paaralan ang positibong pag-uugali	Kaligtasan	Pagiging kabahagi (inclusion)
Mas piniling paraan ng komunikasyon	Partisipasyon ng mga magulang sa paaralan	Ang paaralan ay sumusuporta sa pagkatuto

3. Paano pinipili ang mga paaralan na makikibahagi?

Ang sarbey na ito ay bukas para sa lahat ng pampamahalaang paaralan sa NSW nang walang gastos sa kanila. Ang iyong paaralan ay nagpasyang makilahok.

4. Paano pakikinabangan ng paaralan ng aking anak ang paglahok sa sarbey na ito?

Ang sarbey sa magulang ay nagbabahagi sa punong-guro at mga lider ng paaralan ng mga pananaw ng mga magulang tungkol sa kanilang paaralan, pati na rin sa pag-aaral sa tahanan. Ang komunikasyon sa pagitan ng mga magulang at kawani, mga gawain at gawi sa bahay, at mga pananaw ng magulang tungkol sa suporta ng paaralan sa pagkatuto at pag-uugali ay tutulong sa pagbuo ng tumpak at napapanahong paglalarawan na magagamit ng mga paaralan para sa mga praktikal na pagpapabuti.

Ang mga datos na nakalap mula sa mga sagot sa sarbey ay mabilis na titipunin sa mga ulat na para sa mga lider ng paaralan. Pagkatapos ay magagamit ng mga punong-guro ang impormasyong ito upang tulungan silang matukoy ang susulpot na mga isyu at mga plano para sa pagpapabuti ng paaralan.

5. Paano nauugnay ang mga sarbey sa magulang sa mga sarbey sa mag-aaral?

Ang sarbey sa magulang ay komplementaryo ng *Tell Them From Me* sarbey sa mag-aaral na maaaring hiniling sa iyong anak na tapusin. Ang mga sarbey na ito ay inaalok (kasama ang sarbey sa guro) upang matiyak na nakukuha ng mga paaralan ang mga pananaw ng mga mag-aaral, mga guro at mga magulang.

Para sa karagdagang detalye ng bawat sarbey, tingnan ang website ng sarbey: <http://surveys.cese.nsw.gov.au/>

6. Ano ang kailangan kong gawin upang lumahok sa sarbey?

Ang sarbey ay karaniwang tumatagal nang 15 minuto at isinasagawa lamang sa online sa pamamagitan ng isang ligtas (secure) na website na pinatatakbo ng mga taong bumuo ng sarbey, *The Learning Bar*. Maaari mong kumpletuhin ang mga sarbey sa mga desktop na kompyuter, laptop, ipad, tablet at smartphone. Ikaw ay bibigyan ng isang link para kumpletuhin ang sarbey sa tahanan o ang iyong paaralan ay maaaring magpagamit ng mga kompyuter para makumpleto mo ang sarbey sa mga oras ng klase. Ang link na ito ay ipamamahagi sa iyo ng iyong paaralan sa Term 3.

7. Kailangan ko bang lumahok?

Hindi, ang paglahok sa sarbey ay opsyonal. Samantalang ang iyong mga sagot ay lubos na pinahahalagahan, kung sakaling ikaw ay makaramdam ng pag-aalangan habang ginagawa ang sarbey, maaari mong ipahinto ang sarbey anumang oras. Karamihan ng mga tanong sa sarbey ay maaaring laktawan.

8. Maaari bang makilala ako ng paaralan o ang aking anak sa pamamagitan ng aking mga sagot?

Ang mga kawani sa paaralan ay hindi magagawang tukuyin ang indibidwal na mga magulang o mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga sagot ng magulang. Ang patakaran na pumipigil sa pagpapalabas ng mga datos ay ilalapat sa mga gamit sa pag-uulat ng paaralan kung saan mas kaunti sa lima ang mga sagot.

9. Anong uri ng pagsusuri ang gagawin sa mga datos ng sarbey?

Sa sandaling makumpleto ang mga sarbey, ang mga ulat ay ihahanda at kadalasan ay makukuha ng paaralan sa loob ng tatlong araw ng negosyo. Magagamit ng mga lider ng paaralan ang mga datos upang higit na maunawaan ang mga karanasan at mga pananaw ng mga magulang sa kanilang mga paaralan.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng NSW, sa pamamagitan ng Sentro para sa Estadistika at Pagtatasa ng Edukasyon (Centre for Education Statistics and Evaluation (CESE)), ay magsasagawa sa buong estado ng pagsusuri sa mga datos ng sarbey kasabay ng kasalukuyang datos ng mag-aaral na hawak ng kagawaran, kabilang ang mga datos ng paggampan. Ang mga resulta ay tutulong sa lahat ng paaralan upang mas maunawaan ang ugnayan ng pakikilahok ng mga magulang at mga mag-aaral, kapakanan ng mga mag-aaral, epektibong pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang mga resulta mula sa pagsusuri ng CESE sa mga datos na ito ay tutulong din sa mga guro at mga punong-guro na talakayin kung ano ang gumagana sa pagpapabuti ng mga kalalabasan ng mga mag-aaral. Ito ay sumusuporta sa patuloy na pagtutok ng Kagawaran sa kalidad ng pagtuturo at pamumuno. Itatabi ang mga datos na ito para sa hinaharap na pagsusuri upang tulungan kaming mas maunawaan ang katangian ng pakikilahok ng mga mag-aaral at kapakanan sa paglipas ng panahon.

10. Kailan isasagawa ang sarbey na 'Mga Katuwang sa Pagkatuto'?

Ang mga sarbey ay isasagawa sa lahat ng kalahok na mga paaralan sa pagitan ng kalagitnaan ng Term 3 at ng unang ilang linggo ng Term 4. Kadalasan mula Linggo 6, Term 3 hanggang Linggo 2, Term 4.

Ano ang CESE?

Ang Sentro para sa Estadistika at Pagtatasa ng Edukasyon (CESE) ay bahagi ng Kagawaran ng Edukasyon.

Itinatag ang CESE upang pagbutihin pa ang pagiging epektibo, kahusayan at pagkakaroon ng pananagutan ng edukasyon sa New South Wales. Tutukuyin at ibabahagi ng CESE kung ano ang gumagana, na lilikha ng mga bagong oportunidad upang mapabuti ang pagtuturo at pag-aaral sa lahat antas ng edukasyon.

Makukuha ang karagdagang impormasyon tungkol sa CESE sa: www.cese.nsw.gov.au

Ano ang *The Learning Bar*?

Ang *The Learning Bar* ay isang kompanyang pang-edukasyon sa Canada na espesyalista sa mga pampaaralang sarbey para sa mga mag-aaral sa mababa at mataas na paaralan. Ang sarbey nito na, *Tell Them From Me*, ay ang pinakamalaking pambansang pampaaralang sarbey sa Canada, na ginagamit sa siyam sa sampung probinsya sa Canada. Nakikilahok ang mahigit 6,300 paaralan at 5.4 milyong mag-aaral sa sarbey. Nakikilahok ang mga paaralan sa Australya sa mga sarbey na *Tell Them From Me* mula pa noong 2012.

Ang *The Learning Bar* ay pinamunuan ni Dr J Douglas Willms. Si Dr Willms ay Pangulo ng International Academy of Education, Miyembro ng US National Academy of Education at Fellow ng Royal Society of Canada. Kamakailan ay hinawakan niya ang Tier 1 Canada Research Chair sa Literasi at Kaunlarang Pantao nang 14 taon. Si Dr Willms ay may pangunahing papel sa pagbuo ng mga tanong para sa Programa ng OECD para sa Pagtatasa ng Internasyonal na mga Mag-aaral (Programme for International Student Assessment – PISA).

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa *The Learning Bar* ay makukuha sa: www.thelearningbar.com

Kung may mga tanong ka tungkol sa sarbey sa magulang, kontakin lamang ang CESE sa pamamagitan ng email: TTFM@det.nsw.edu.au o sa pamamagitan ng telepono: **1300 131 499**.